Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)
[06 July 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Before anything else, magandang gabi sa inyo mga kababayan ko.

But bago 'yan mag-umpisa ang aming discussion, let me just read a short message babasahin ko.

Let me extend the nation's deepest condolences to the families of our soldiers and civilians who perished in the C-130 crash in Sulu, Sunday, July 04.

The passengers were given immediate medical attendance and further treatment. The Filipino people recognizes and will always remember our soldiers' deep devotion to duty.

To their families, please accept the love and prayers of a grateful nation. To the civilians of Sulu, mainly the Tausugs, who assisted government in rescuing the passengers of the crash, maraming salamat. Shukran, shukran.

We will begin our --- just make yourself --- alam naman natin ang ano. I give first to Secretary Duque. You can just give a --- kung ano short talk, sir, tutal alam naman natin ang… Kaninang umaga nag-report na daw kayo eh?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Okay.

SEC. DUQUE: Sir, with your permission I will just report on the Taal Volcano, 'yong sa health situation, sir. Ayan, sir, thank you.

Magandang gabi ho, Mr. President, and to my fellow Cabinet members and Senator Bong Go, chair of the Committee on Health.

Simulan po namin ang aming ulat sa updates ukol sa Taal Volcano activity. At ayon po sa ulat ng Phivolcs at DOH-Health Emergency Management Bureau, mayroon pong mataas na volcanic sulfur dioxide gas emission mula sa Bulkang Taal na may daily average na 26,628 tonnes per day simula noong naging Level 3 po ito.

As of July 04, mayroon na po tayong 1,498 families or [5,099] individuals na mula sa Batangas at karatig-bayan sa Region IV-A na naapektuhan ng Taal Volcano activity. At sa 18 evacuation centers naman po sa Batangas, mayroon pong namamalaging 1,064 families or 3,615 individuals.

[Next slide, please.]

Patuloy ang pagbaba ng aming ahensya ng mga logistical supports sa Region IV-A at sa probinsiya ng Batangas at ito pong July 05, noong Lunes, naipamahagi na natin ang higit 1.6 million thereabouts worth of commodities sa CHD IV-A, Batangas Provincial Health Team Office, at sa Bayan ang Laurel, Batangas. At kabilang sa mga commodities na ito ang mga personal protective equipment at water containers para masigurong protektado ang ating mga kababayan sa abo at hangin na nilalabas ng Taal Volcano at para masigurong ligtas ang inuming tubig sa atin pong mga kababayan.

Patuloy kaming nakikipag-ugnayan sa Region IV-A, Batangas province at sa Phivolcs upang masigurong walang indibiduwal o pamilya ang hindi mabibigyan ng karampatang tulong pangkalusugan.

[So next slide.]

Ito lang ho, sir, I'll just give a very quick update on the confirmed cases and then I'll go --- I'll proceed to the pangunahing mensahe, Mr.
President. *[next slide]*

So, again, iyon atin pong total cases as of today, 1.4 million thereabouts. Mayroon po tayong naidagdag na 4,114 na bagong mga kaso at ang active cases natin ay 49,613. May naidagdag po tayo na mga 5,000 plus na bagong kaso. Samantalang ang recoveries po natin umabot na sa 94.82 percent at mayroon pong mga gumaling nadagdag 6,086. Samantalang ang porsyento ng pumanaw ay nasa 1.75 percent at iyan po ang total na pumanaw 25,296, cumulative po 'yan at mayroon po tayong naidagdag na 104.

[So next slide.]

Ito naman po, very quickly, iyong kulay blue na slide --- ah na curve --- iyan po 'yong NCR. At makikita natin sa bandang dulo, nag-plateau --- nagpa-plateau na kasama din po 'yong NCR Plus na kulay green na epidemic curve. Ganoon din po nagpa-plateau, bumabagal na po ibig sabihin nito ang mga bilang ng bagong mga kaso. At ang Mindanao naman po ay bahagyang bumaba nang kaunti pero overall tumataas pa rin. Ganoon din naman ang Visayas, 'yong kulay aqua blue or teal color ano po.

So 'yong rest of Luzon na pula, iyan din ang nakikita natin ay medyo bumababa pero mayroon itong mga huli ay medyo nag --- lumalaki din, tumataas nang kaunti ang bilang.

So iyan pa rin po ay sa ating updates on the 6,566 samples with lineages, makikita po rito dalawang Delta variant cases ang muling natukoy at ang kabuuan po ang .3 percent or 19 samples positive for the said Indian lineage or Delta variant.

Samantalang ang Delta variant naman, B.1.351 o 'yong dating kilalang South African lineage ay siya na po ang pinaka karaniwan ngayon na nakikita sa biosurveillance, umaabot po ng 21.1 percent nationally of all the specimens sequence. And ito na po ang pinaka-common na variant. Susunod po ang Alpha variant, ang B.1.1.7, nasa 18.5 percent. Samantalang ang atin pong Gamma variant o 'yong P1 ay dalawang samples po ang natukoy dito.

Iyon pong lumalabas sa mga pahayagan ngayon, Mr. President, 'yong Lambda variant, wala pa ho tayo nito. Hindi pa ho ito natutuklasan ng Philippine Genome Center. And hopefully ay --- ito ho kasi ay lumalaganap na sa Peru at sa 35 bansa ng Latin America.

So bakit po ito ay pinag-uusapan? Mayroon pong posibilidad na maging variant of concern siya. Although right now, it is considered or characterized by the WHO as a variant of interest.

But one notable feature of this variant is may similarity po siya doon sa mutation na nagaganap sa Delta variant. So puwedeng mas maging transmissible din po ito na variant at puwedeng makaapekto rin sa effectiveness ng mga bakuna pero patuloy pong pinag-aaralan ito.

[Next slide.]

Ito naman po very quickly na lang, we have in the immunization rollout, we have administered about 11.7 million doses with over 2.8 million plus fully vaccinated individuals. At kanina nga pong umaga, kasama ko po ang mga IATF principals at sumaksi sa A4 ceremonial vaccination sa Clark, Pampanga ngayon pong uma --- kanina pong umaga.
At *[next slide]*

Ito naman po 'yong ating mga pangunahing mensahe sa atin pong mga kababayan. At bilang pagbubuod po, Mr. President, ito ang mga mahahalagang mensahe ngayong linggo.

Una, sinasalamin ng low risk classification ng Pilipinas ang kabuuang sitwasyon ng bansa. At upang makapagbigay ng mas tiyak na pananaw, pinag-aaralan din natin ang lagay ng iba't ibang rehiyon at lokalidad tulad ng amin pong ibinahagi kanina.

Ikalawa po, nilalayon natin na mas mapababa ang mga naitatalang pumanaw kumpara sa ating peak noong nakaraang taon.

At huli, gusto naming ulit bigyang-diin ang kahalagahan ng talagang pinaigting na border control upang mapigilan ang pagkalat ng mga karagdagang kaso ng variants of concern na akin pong nabanggit kanina na maaaring maging sanhi ng pagtaas ng mga kaso.

So ito na lamang po, Mr. President, ang aking huling bahagi ng ulat ko po sa COVID updates. Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: A few questions, sir, if you may. Iyong itong variant ba, sir, na Alpha, Beta pati itong Delta, can this --- it's a mutation of the COVID-19. Could they create another second or third wave of infection?

SEC. DUQUE: It's a big possibility, Mr. President. Although the another spikes in cases may be driven not just by the variants but also by increasing mobility of people, the reduced or poor compliance to our minimum public health standards --- 'yong hindi na naman nagma-mask o hindi na ho nagfe-face shield, hindi po sumusunod sa ating physical distancing. So marami pong mga puwedeng maging dahilan na magkaroon na naman po tayo ng third wave or succeeding waves ano po.

So we have to really implement our PDITR strategy, plus vaccination, to be able to keep our cases down and manage them while we are safely opening up the economy. So it's really a balancing act between health and also of the economy. So buhay at kabuhayan, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: But one of the most effective methods of controlling a contamination entering into our shores could really be border controls. So sa pagka ngayon the cases identified 'yan, in which there is a hibernation ng the Delta, Alpha pati Beta, if it --- if it is --- if there's a breakout, would you say that we have again to close our borders?

SEC. DUQUE: It's a possibility, Mr. President, because… Well, right now, ang border control natin ang national protocol, which you have approved, Mr. President, for the whole country, is talagang 'yong 10 days facility quarantine, test on the seventh day, and completion of the remaining four days in the LGU of residence.

So that way, sir, talagang hindi makakalusot itong mga variants, lalo na itong Delta, because so far wala pa po tayong evidence of a local case of the Delta variant.

So by and large, we have been effective in preventing the introduction of Delta variant into households and into communities. So wala pa po tayo, and we hope to keep it that way, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, thank you. Next, we would like to hear the Director General Enrique Domingo for his updates sa COVID-19 vaccines.

FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO: Magandang gabi po, Mr. President, at sa inyo pong lahat. Bigyan ko lang po kayo ng kaunting updates doon sa mga vaccines natin na ginagamit dito sa Pilipinas.

[Let me… Can I have my slides, please? Iyan. Next slide, please.]

Sa --- Mr. President, since last week mayroon pong nadagdag actually sa mundo 'no na isang bakuna, 'yong Number 19, is a new inactivated virus vaccine coming from China, from a private company called Minhai. Of these 19 approved vaccines all over the world, of course, eight are already approved in our country and we have a ninth possible applicant very soon.

[Next slide, please.]

As a rundown po, ang mga nagbabago po sa mga bakuna na pinapayagan nating magamit sa Pilipinas, iyon pong Pfizer na vaccine, mayroon na po ngayon itong emergency use authorization for children 12 years old and above. So all people 12 years old and above, pinapayagan na rin po natin ito. So once mag-expand po ang ating vaccination program, we have at least one vaccine now that can be used on children.

Iyon naman pong AstraZeneca, this is the second most widely used vaccine that we have now in our country. We recently issued an EUA to the Department of Health for them to be

able to accept donations from Japan. May posibilidad daw po na magdo-donate ng AstraZeneca vaccines from Japan.

[Next slide, please.]

Iyon pong pangalawa dito, 'yon pong Janssen, ito po 'yong ano --- ang kakaiba po dito sa Janssen na vaccine, it's a single-dose vaccine 'no. So kung halimbawa po, mayroon tayong 3 million doses, eh 3 million na people po ang mafu-fully vaccinate because of the Janssen, isa lang po kasing iniksyon ito.

And last week, we also issued an EUA to the Department of Health for possible donations coming from the USA, nito pong Janssen o 'yong Johnson & Johnson vaccine.

Iyon pong Moderna mayroon na rin pong dumating sa Pilipinas niyan na first shipment, which are currently being used. At 'yon pong Sinopharm, ano pa po, mukhang inaaral pa po ng DOH din ano kung paano po 'yong pag-secure natin ng mga Sinopharm.

[Next slide, please.]

Iyon pong Sputnik, ito po 'yong Gamaleya, mukhang mayroon pong darating na extra doses this week. Iyon pong Sputnik is a two-dose vaccine with a component one and a component two.

And proponents, the manufacturers of Sputnik applied for an amendment to their EUA to increase po 'yong ano 'no, 'yong dosage ng time between the first dose and the second dose from 21 days to 90 days. However, noon pong inaral ng mga experts natin, ang nire-recommend po ng experts natin is a maximum dose interval of 42 days.

So wala naman pong problema, ibig sabihin, kung ma-delay po ang second dose. But if we give it within 42 days, we have ano naman, enough reason to believe that the results are going to be very good.

At 'yon pong mga experts natin nag-meeting naman din po sila about delays in vaccine ano, kung mga tao… Halimbawa po 'yong mga kababayan natin minsan, nakakalimutan nila or male-late sila na kunin 'yong kanilang second vaccine, second dose, huwag po kayong matakot dahil kahit po ma-delay kayo ng isang linggo, dalawang linggo or tatlong linggo, it's still worth it to get the second dose because it will still improve 'no and increase your resistance to the COVID-19.

Iyon pong sa gitna, 'yon pong Sinovac, Mr. President, today, just this afternoon, they already applied for an amendment of their EUA, to include children. And in this case, children from three to 17 years old.

So this is another potential ano 'no, vaccine that can be used po for the pediatric age group that we are… Our vaccine experts are now taking a look at the data, and of course, asking questions sa proponents and getting more information. So ito po inaaral natin siguro within the month to see 'no if we will be able to allow the use of Sinovac in children.

And then the last vaccine po na nagbigay sa atin ng Letter of Intent at nag-submit na po, published na po 'yong ano nila eh preliminary data nila for the clinical trial Phase 3 and which is very, very encouraging, would be 'yong Novavax. Hinihintay lang po natin na ma-complete nila 'no 'yong kanilang documents at saka 'yong kanilang submissions and we are

--- we will be going --- we are going to process that as quickly as we can so that we will have another possible source of vaccines.

[Next slide, please.]

So ito lang po 'yong gusto naming ipaalala sa mga kababayan natin, Mr. President, 'no kasi nakita naman po natin sa mga reportings natin na ang mga nagkakaroon po ng adverse events following immunization is less than one percent of all those who are vaccinated. And those who get adverse events usually get something very mild, sakit ng ulo, kaunting lagnat, sakit sa braso. Very unusual po 'yong mga moderate to severe adverse events.

So the vaccines are safe and that we've seen that people who are vaccinated, talaga pong bumababa ang number of mga pasyente na nagkaka-COVID, including po sa mga health workers who are exposed to COVID. Basta po nabakunahan, after the first dose, nagdi-decrease ang incidents ng vac --- ng COVID. After the second dose, it goes down even further. And for those who are fully vaccinated, talaga pong kaunting-kaunti na lang ang nagkaka-COVID and when they do get it, it's very mild disease at hindi po sila nao-ospital.

And that's why we want to remind our ano, countrymen na important po talaga na makumpleto niyo 'yong inyong doses. Huwag po tayong magpahinga doon sa first dose natin, pumunta po tayo sa second --- sa schedule po natin ng second dose.

And between the first and the second dose, kailangan pong mag-observe pa rin tayo ng health protocol dahil hindi pa po tayo fully protected after the first dose. Kailangan pa ring mag-maskara, mag-face shield, at mag-social distancing, at maghugas po lagi ng kamay because the maximum protection, Mr. President, really sets in two weeks after the second dose. Doon po natin nakikita talagang drastically bumababa na po ang cases at wala na pong namamatay from COVID.

And of course, we are all eagerly awaiting po the vaccine effectiveness study which is being conducted by DOH and DOST pati po 'yong mga possibility ng cross-matching po 'no ng mga bakuna ay aaralin po 'yan ng DOST para magabayan po tayo sa ating vaccination program into the next few months and year.

Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: I'd like to ask you a few questions. Ito bang ano --- iyong ang first dose nila would be ipagpalagay natin Sinopharm then the second dose Sinovac, would there be dynamics there in terms of toxicity or...?

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: No, sir, not in terms of toxicity. Hindi naman po ano.

Sa ngayon po kasi usually po ang inaaral po na combination ngayon, Mr. President, is one class and then the second would be another. For example, kung inactivated virus po like Sinovac or Sinopharm 'yong first, baka 'yong second dose po ibibigay 'yong mRNA vaccine like Pfizer and Moderna.

And preliminary studies in other countries actually show are very encouraging na mukhang tumataas nga po actually 'yong nagiging end effect na immunity 'no at saka na ano na immune reaction po ng pasyente.

So hindi naman po tayo natatakot sa toxicity. Ang inaaral lang po talaga natin ay kung nakakadagdag po ba doon sa protection na ibibigay kung magmi-mix and match po ng bakuna.

PRESIDENT DUTERTE: And you say that there are tests already done that it will increase the effectiveness of the vaccines if they are mixed? For example...

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: Yes, sir, mayroon pong mga preliminary data pero hindi pa po kasi tapos 'yong mga pag-aaral. And na-test na po rin kasi doon sa mga pasyente na halimbawa po 'yong first dose, nag-allergy kayo, hindi puwedeng ibigay siyempre po 'yong second dose kaya iba po 'yong ibinibigay 'no.

So it has been tested on several individuals, several groups, and the preliminary results po are very ano very positive.

PRESIDENT DUTERTE: Wala namang namatay?

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: Wala naman po. Wala naman pong ganoon na interaction.

PRESIDENT DUTERTE: Well, anyway. Salamat, Dr. Domingo.

Then, we will have Secretary Año for drugs, violations of protocols, pati iyong preparedness ng gobyerno.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; fellow public servants and workers in the government; Senator Bong Go, magandang gabi po.

Hindi pa man po tayo nakakaraos sa problemang dala ng COVID-19, kailangan pa rin nating maghanda para sa mga pagdating ng iba pang mga sakuna alang-alang sa kaligtasan ng ating mga kababayan.

Kaya po noon pang Pebrero ng --- ika-28 araw ng Pebrero ay nagbigay na tayo ng mga babala dahil nagkaroon na ng pagliligalig ang Bulkang Taal at nakapaglabas tayo ng mga memorandum na nagpapaalala sa ating LGUs na maaapektuhan ng posibleng pagputok muli ng bulkan na maghanda at maging listo.

At sa kabila po ng problemang kinakaharap natin ngayon dahil sa increased volcanic activity ng Taal, patuloy pa rin ang ating programang makapagbigay ng bakuna sa ating mga kababayan. Sa katunayan, naglaan ang NCR ng 3,500 bakuna para sa evacuation centers sa Batangas para sa ating mga kababayang nais magpabakuna habang pansamantalang nakatira sa mga pasilidad na inilaan ng LGU.

At patuloy naman ang implementasyon ng LGU ng Batangas ng minimum health and safety protocols sa mga evacuation centers para sa kaligtasan ng lahat. At maganda po naman ang paghahanda at ang pag-aksyon ng ating pamahalaan ng Batangas sa pangunguna ni Governor Hermilando Mandanas.

At dito nga po ay nakapaglikas sila ng 1,034 na pamilya sa probinsiya ng Batangas at nakaligtas sa mga ligtas na mga evacuation centers habang ang iba naman ay pinalikas --- ay pinili ang pagsamantalang makatira sa kanilang mga kamag-anak, malayo sa danger zones na itinalaga ng Phivolcs.

Nagpapasalamat si Governor Mandanas sa tulong ng national lalong-lalo na po ang tulong ng DSWD at tulong ng DOH. Maagap din ang ating mga LGUs sa mga preparasyon sakaling maulit ang pagputok ng Bulkang Taal.

Sa ating monitoring, Mr. President, lahat po ng local chief executives na 142 LGUs na naapektuhan ng pagputok ng bulkan ay kasalukuyang pinangungunahan ang mga paghahandang ginagawa sa kani-kanilang mga nasasakupan.

[Next slide, please. Next slide.]

Ito po 'yong tala ng numero ng mga na-evacuate nating mga kababayan at mga apektadong pamilya. Ang ating mga mayors po ay present lahat sa kani-kanilang mga nasasakupan.

[Next slide.]

Dito po ay nakapaghanda rin po ang ating Philippine National Police, ang ating Bureau of Fire Protection, at ang ating BJMP para tulungan ang mga LGUs na nangangailangan ng tulong. So mayroon po tayong mga idineploy na search and rescue personnel, minimum public health standard enforcement teams, at mga sangay po sa Bureau of Fire Protection. Mayroon po tayong nakalaan na mga 700 trucks --- fire trucks, 14 rescue/hazmat truck, 21 ambulance, at seven watercraft para po sa lahat ng mga nangangailangan.

[Next slide.]

Sa patuloy naman na pagpapatupad ng mga health and safety protocols. Sa utos po ng ating Pangulo, nakapagtala ang DILG ng 57,259 na paglabag sa alituntunin ukol sa pagsusuot ng face mask. Ang bilang na ito ay mas mataas ng 6,247 mula noong ating huling ulat nitong nakaraang linggo.

Tumaas din ang bilang ng mga violators sa mass gathering ayon sa ulat mula ika-28 araw ng Hunyo hanggat ika-limang araw ng Hulyo. Umabot sa 1,007 ang ating tala, 409 na mas mataas kaysa sa naitalang bilang ng violations noong nakaraang linggo. Samantalang umabot naman ng 19,650 ang mga nahuling hindi sumusunod sa physical distancing.

[Next slide.]

Narito naman po ang datos ng ating nakalap ng ating PNP at iba pang sangay ng pamahalaan na nagtutulong-tulong upang mapuksa ang pagkalat ng ilegal na droga sa bansa. Sampung indibiduwal na sangkot sa ilegal na droga ang kusang sumuko sa awtoridad mula ika-27 ng Hunyo hanggang ika-3 araw ng buwan ng Hulyo.

Sa parehong panahong ito, nagsagawa ang pamunuan ng PNP ng 1,328 operasyon laban sa ilegal na droga. May 971 indibiduwal ang naaresto habang walo naman ang naitalang namatay sa mga naisagawang police operations.

Mahigit pitong kilo ng shabu at mahigit 130 kilo ng marijuana ang nakumpiska sa magkakahiwalay na operasyon ng ating kapulisan at iba pang ahensya. Humigit- kumulang 65 milyon ang pinagsama-samang halaga ng nakumpiskang shabu at marijuana sa panahong ito.

Bilang panghuli po ay muli hinihikayat natin ang ating mga kababayan na sumunod sa minimum health and safety protocols tulad ng pagsusuot ng mask, pag-oobserba ng physical distancing, at pag-iwas sa mass gathering.

At naglabas din tayo ng kautusan sa PNP, sa Joint Task Force COVID Shield, sa bagong polisiya na inilabas ng IATF na kung saan sa bagong polisiya mas madali na para sa mga nakatanggap ng dalawang kumpletong bakuna ang paglalakbay.

Kaya ineengganyo natin ang mga kababayang magpabakuna upang makapagsimula na tayong mamuhay sa bagong normal.

Iyan lamang po, Mr. President. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Año. Del, it’s your turn.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Yes, Mr. President.

[Can I have my slides, please?]

Mr. President, ang akin pong ulat ay tatlo: status ng returning overseas Filipinos, DND-AFP vaccination rollout, at saka 'yong update ng Taal Volcano, dagdag po doon sa mga inulat kanina ni Secretary Duque at saka ni Secretary Año.

[Next slide, please.]

Ito po ang tala ngayon ng ating mga bumabalik na overseas Filipino workers at saka 'yong overseas Filipinos. Ngayong araw po na 'to ay one thou --- 1,232,947 mayroon pong nadagdag na 17,873 mula noong nag-ulat ako noong 28 June.

Tuloy-tuloy po ito, ang ating mga tao diyan sa airport ay 24 hours 'yan nagaabang ng mga umuuwing mga Filipinos.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong ulat natin sa 'yong mga Pilipinong gustong umuwi sa Pilipinas, hindi pa po sila makaalis dahil hindi pa sila tinatanggap ng mga LGUs dahil nga dito sa variant na ito na kumakalat sa Pilipinas. So ngayon po ay 3,000 pa lang ang nakakauwi, mayroon pang naghihintay na more than 4,000.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong bilang ng mga DND-AFP personnel na nagkaroon na ng --- nabakunahan na 40,059, which is 26 percent ng population ng AFP.

Kanina po nag-usap kami ni Secretary Galvez na kung puwedeng mabigyan natin 'yong AFP para matapos na po 'yong lahat ng mga Armed Forces. Pagkatapos po ng mga active military ay isusunod naman natin 'yong mga pamilya nila.

[Next slide, please.]

Ito po 'yong mga --- bilang chairman ng NDRRMC, ito po 'yong mga ginagawa namin para matugunan 'yong mga pangangailangan ng mga naapektuhan ng pagputok ng Taal Volcano.

[Next slide, please. Next slide.]

Ito po 'yong --- ito po 'yong --- itong chronology ng pagsabog ng bulkan. Nag-umpisa po siyang mag --- may activities noong 09 March pero 'yong volcanic eruption niya ay nangyari noong 28 June. Noong 29 napansin po natin na medyo foggy itong Metro Manila hanggang Central Luzon. So itong 30 June na-confirm na 'yong pagkalat ng sulfur dioxide dito sa NCR at saka adjoining areas.

Noong July 01 ay tinaas na po 'yong alert status to Level 3, mayroon pa siyang magmatic unrest. Ngayong araw po na ito ay nananatiling alert status Level 3 pa rin tayo kasi mayroon pa pong mga pag-activities 'yong bulkan.

So ang recommendation po ng Phivolcs, prohibit entry to Taal Volcano Island, pigilan muna 'yong pagpunta sa Taal Volcano Island kasi mataas po ang --- mataas ang risk ng Barangay Agoncillo at saka Laurel.

[Next slide.]

Ito po 'yong ano --- ito po 'yong --- may figure na kanina, sinabi na ni Secretary Duque 'yong figures nila. Iyon pong figure ko dito medyo mataas nang kaunti dahil siguro may mga bagong nag-evacuate. Pero ito po 'yong apektadong mga barangay, ito po 'yong lake 'yong blue, iyong Taal Island ito po, ito 'yong caldera. Ito po 'yong mga --- mga barangay,

mga bayan na naapektuhan at sila po 'yong mga nasa evacuation centers. At present, we have 24 evacuation centers in Batangas.

[Next slide.]

Ito po 'yong actions taken, noon pong isang linggo, 29 June ay nag-meeting po kami ng NDRRMC kasama na 'yong ibang mga ahensya at ito po 'yong mga pinaggagagawa namin. Iyong OCD po ang nangunguna nang pag-assess nung area, pre-disaster risk assessment. Sila rin ang nagbibigay ng mga alert, warning, at messages sa mga mamamayan. At saka 'yong pag-conduct ng regional and local risk assessment, prepositioning of teams and resources and preemptive evacuation.

Ang OCD po naman ay --- ang OCD ay nakapagbigay ng 14,500 boxes of hygiene kits; 380,000 pieces of surgical masks; 1,037 pieces of malong, 'yong pang blank --- parang blanket ito; 2,142 pieces of blankets; and 716 boxes family packs.

Iyong DOST naman ay nakapagbigay ng 42,185 medical grade cloth mask sa Laurel. Iyong DILG kanina po nasabi na ni Secretary Año lahat ng ginagawa nila. Iyong DSWD, mayroon silang pre-activated response clusters and augmented food and non-food items to CALABARZON amounting to 39 million pesos.

Iyong DOH po, nasabi na kanina ni Secretary Duque, tama po 'yong mga figure natin dito. Iyong AFP, BFP, PCG, PNP, at MMDA, prepositioned teams and provided assistance in evacuation centers. Iyong DPWH, DepEd, DOE, DOTr, DA, PRC, WFP, at saka 'yong Philippine Disaster Risk Foundation ay tumutulong po sila lahat sa pag-response --- pagresponde kung ano man mangyayari sa Taal Volcano kasi ang prediction ng DOST baka magkaroon ng mas malaking pagsabog sa mga hinaharap na araw.

[Next slide. Mayroon pang isa 'yong... Bakit nawala 'yong isang ano? Iyong sa AFP, 'yong AFP actions.]

Ito po 'yong ginagawa ngayon ng... Basahin ko na lang nga, Mr. President, mukhang hindi naisali ito.

Iyong ginagawa po ng AFP, ng Armed Forces diyan sa --- sa tungkol sa Taal ay assisted the preventive evacuation of affected communities; prepositioned military trucks and support vehicles; deployed a combat group to the municipalities of Laurel and Agoncillo; alerted the disaster response units for immediate deployment; alerted communications team for deployment as may be needed; alerted five ready reserved battalions sa Batangas and karatig-lugar for possible deployment if needed; established command and control of assist of --- the Second Division of the Army has established command and control somewhere in Fernando Air Base, Lipa City, Mr. President.

That's all, Mr. President, thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Lorenzana. We call on Secretary Harry Roque, updates in the --- on the vaccination rollout.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Yes, yes, sir. Patuloy po tayo sa ating A4 vaccination at gaya po ng ating sinabi, lahat po ng ating ginagawang symbolic vaccination ay mayroon pong dahilan 'no. At itong nakalipas na linggo po ay ito po 'yong mga naganap na mga symbolic vaccination para po sa ating mga A4.

Ito po ay sa Valenzuela, ito po 'yong minarked (marked) natin 'yong 10 million jabs po 'no at nandoon po 'yong ilang mga principals po ng NTF. *[Next slide, please.]* Ito pa rin po 'yong sa Valenzuela 'no.

[Next slide.]

Ito naman po 'yong A4 vaccinations sa IV-A at ang mensahe po natin dito siyempre, ang IV-A po ay 'yan po 'yong CALABARZON, ginawa po natin ito sa Santa Rosa kasama po natin si Mayor Arcillas dahil ang Santa Rosa po ay nandoon po 'yong maraming mga manufacturing businesses at mga export oriented industries 'no. So ang mensahe po natin ay kinikilala rin natin ang kabayanihan nung mga nasa manufacturing section natin lalong-lalo na 'yong mga kumikita ng foreign revenues na ginagamit po natin sa ating mga pang araw-araw na buhay na inaangkat sa iba't ibang mga parte ng daigdig. Ito po ay nangyari noong atrenta ng Hunyo.

[Next slide, please.]

So ito pa rin po 'yong ating mga binakunahan at 'yong mga nakapula po, sila po ay mga workers ng isang microchip company na isa po sa ating leading exports 'no, electronic microchips.

[Next slide, please.]

So nag-turn over din po tayo ng medical supplies sa Iloilo City. At 'yong C-130 po na bumagsak, 'yon din po 'yong C-130 na sinakyan natin. Fortunately po, mukhang ibang crew naman 'yong nandoon pero namatayan din po, nakikiramay po pero noong nakausap ko po 'yong ilang crew na sinakyan namin, eh talagang they are also in shock dahil alam nila na it could have happened to them, too. Pero natuwa naman po 'yong mga Ilonggo doon sa ating dinalang Sinovac vaccine at saka 'yong mga PPEs at mga ventilators 'no.

Nagpaba --- nagbakuna rin po tayo sa Agoncillo, Batangas sa kalagitnaan po nang pagputok ng Taal. At ang mga Metro Manila mayors po ay nag-donate po 'no ng suma total 10,000 dosage ng mga bakuna para po sa mga nasa evacuation centers sa Agoncillo, Batangas. Importante po talaga mabakunahan 'yong mga nasa evacuation centers dahil talaga naman pong nagkakaroon ng siksiksan maski iniiwasan po ng mga personnel ng DOH at nagi-impose po sila ng social distancing. Ito pa po 'yong ating evac --- 'yong ating pagbabakuna nga po sa evacuation center sa Agoncillo, Batangas.

[Next slide.]

At ito naman po, kagabi lang po ito, may programa po ang ilang mga lokal na pamahalaan natin na nagpapatuloy silang magbakuna hanggang midnight po 'no. Dito po sa Quezon

City, ang tawag nila ay "bakuna nights" at ito po ay para sa mga manggagawa na hindi makapagbakuna sa araw dahil nga po sila'y nagtatrabaho.

So ito po 'yong sa Quezon City pero nagkakaroon din po ng ibang bakuna nights sa iba't ibang lokal na pamahalaan dito po sa Metro Manila. And finally po, ito po 'yong kanina 'no na pinanggalingan namin ni Sec. Duque at ni Sec. Dizon. Ito naman po sa isang Export Processing Zone sa Clark.

Ito po ay sa isang factory na nagma-manufacture ngayon po ng PPEs at saka ng mask po 'no ngayon po for domestic consumption. Pero kaya po sila nag-manufacture ng PPE at saka ng mask dahil 'yong kanilang main brand, Ralph Lauren, siyempre po bumaba 'yong kanilang mina-manufacture. At sinamahan po tayo kanina ni Governor Dennis [Pineda]. So…

At kanina po bago pumunta rito, nagkaroon po tayo ng pangatlong pagbabakuna para sa mga seafarers galing --- gamit po ang Pfizer. Ito po ay para sa ALU labor union na affiliated po sa TUCP 'no. At ang bakuna po ay ibinigay po ng lokal na pamahalaan ng Taguig, bagama't this is upon our request po na bigyan po ng mga Pfizer vaccine nga po 'yong mga paalis ng mga seafarers. Kanina lang po ito bago tayo pumunta dito sa Malacañang.

So tuloy-tuloy po ang pagbabakuna natin at mayroon pong symbolism 'yong lahat na pinipili nating mga grupo ng A4 na bibigyan po ng bakuna. Iyon lang po sa ngayon, Mayor. Thank you po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat. Sal, you have something to say? Si Sal, Sal Panelo.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Ginoong Pangulo, magandang gabi po at sa lahat ng mga kasama natin sa Gabinete at kay Senator Christopher Bong Go.

Mayroon po akong gustong ibahagi sa inyo. Ang katunayan, nag-text po 'yong barangay kapitan ng 275 diyan po sa Tondo. Kung matatandaan po ninyo, nagkaroon ng malaking sunog diyan at 138 families ang nawalan ng bahay at sila po ay tumira na lamang doon sa mga tent. Kung matatandaan niyo, 'yon 'yong ibinalita ko sa inyo. Nagsalita pa nga si First Lady Honeylet Avanceña sa kanila sa pamamagitan ng video call, at kung saan sila po ay nakiusap na kung maaari sila ay mailipat sa ibang lugar at magkaroon ng permanenteng tirahan.

At kayo naman ay karakaraka nga kayo'y nagbigay ng utos sa GM Jun Escalada ng National Housing Authority na hanapan ito ng mga units. At gusto kong ipaalam po sa inyo na noong July 1 and 2 eh 'yon pong 138 na families ay na-resettle na po, nailipat na sa kani-kanilang mga housing units doon po sa [Ma]pulang Lupa, Bulacan, at sinamahan po sila ni Barangay Chairman [Teddy Cinco?].

So lahat pong 'yon na kung matatandaan po ninyo eh ibinalita natin at pinuntahan po natin, nandoon sila sa mga tents lamang ng Jose Abad Santos Elementary School. So nagpapasalamat po sila, Ginoong Pangulo, sa inyong mabilisang pagbibigay ng matitirhan po nila at permanente pa.

At 'yon naman pong sa sunog sa barangay ng Project 6, maliban pa po doon sa mga ibinigay ng DSWD at ng opisina ni Senador Christopher Bong Go at nung iba pang mga opisyales, eh nakatakda rin po tayong pumunta roon sa Miyerkules at magbibigay din tayo ng mga ayuda sa kanila sa pamamagitan naman ng mga kaibigan natin na regular na nagbibigay upang makatulong sa pamahalaan sa pagbibigay ng ayuda sa mga taong ito.

At sa Biyernes po naman ay mayroon ding --- nakiusap din ang Barangay Tumana. Ito po ang isa sa matinding barangay sa Marikina kung saan ito po ay nasa tabi ng ilog eh na 'pag bumabagyo at umuulan, talagang sila'y halos malunod 'yong buong barangay at naka --- humingi po rin sila ng tulong. At maliban pa doon sa mga tulong na binibigay nila sa --- ng ating pamahalaan, eh itong mga kaibigan natin ay nagpadala rin ng mga ayuda kaya sa Biyernes po ay pupunta rin tayo doon, mga alas-singko ng hapon, upang maikalat din 'yong mga ayuda.

Now, gusto ko lang pong --- maliban po doon sa ibinigay ko sa inyong report, gusto ko pong mag-react dahil mayroon tayong nabasang pahayag ng rebeldeng naging senador, na pagkatapos pakainin ng pamahalaan eh nag-stage ng coup. Nakarinig lamang ng putok eh sumurender (surrender) na. Nagmula itong naging senador, wala na itong ginawa kung 'di siraan ang administrasyon, siraan kayo, siraan ang pamilya niyo, siraan si Senador Christopher Bong Go, at pilit na inuugnay kayo sa mga 'di umanong plunderous na mga proyekto ng gobyerno.

At mayroon siyang ipinahayag na next week daw ay mayroon na naman siyang ilalabas. At noong sinabi po ninyo na kaugnay naman sa akusasyon ni Senador Manny Pacquiao na iniutos niyo sa lahat ng ahensya ng gobyerno na magbigay ng kooperasyon, eh nagbigay po siya ng pahayag at medyo nag-react tayo kasi dispalinghado na naman 'yong kanyang mga salita.

Ang sabi niya kayo daw po ay kay lakas ng loob ninyo na mag-utos ng kooperasyon ng mga ahensya ng gobyerno, samantalang noong kayo daw kung natatandaan po ninyo, noong 2016 eh inakusahan kayo nitong senador ding ito --- dating senador --- na kayo daw ay may pera sa BPI na noon ang sabi niya ay 200 million pero sa kanyang pahayag ngayon ay naging 2.2 billion na. Lumaki nang lumaki ang deposito ninyo.

At kung matatandaan po ninyo, ako po ay ang kinuha niyong abugado at inutusan niyo ako, binigyan niyo ako ng instruction na mag-release ng waiver. Pero sa kanyang pahayag, pinalalabas po niyo --- niya na hindi kayo nag-release ng waiver, marami daw kayong

alibi. Eh gusto po nating pasinungalingan 'yon na mayroon kayong waiver noong 2016 noong kayo'y kandidato bilang Presidente.

At 'yong waiver pong 'yan ay inatasan niyo na ilabas kung ano man ang balanse ng inyong pera sa BPI branch diyan sa Ortigas at kaya lamang hindi mailabas --- pero mayroon ho kayong waiver ha, hindi po totoo na wala kayong waiver. Hindi lang siya nakakuha ng kopya kasi 'yon pong waiver ninyo eh naging parte ng bahagi ng dokumento sa loob ng bangko and under the Bank Secrecy Law, hindi basta maibibigay 'yon ng wala kayong pahintulot.

Pero nagbigay po kayo ng waiver and you instructed the bank, through my representation bilang abugado niyo, na ilabas. Humingi tayo ng certification na ang pera niyo at that time noon ay 16,000 lamang na ito'y saliwat sa kasinungalingan niya na mayroon kayong 200 million na ngayon sa kanyang bagong pahayag ay 2.2 billion pesos na. At ngayon eh mayroon na naman siyang inuugnay na bagong akusasyon na kayo daw ay involved na naman sa korapsyon pati daw 'yang si Senador Christopher Bong Go na sa katotohanan lang ito'y dati na po niya itong inilabas at nagkaroon na ng mga hearings sa Kongreso at ito'y napatunayan. Kumbaga eh patuloy pa rin ang paninira ng taong ito at hindi yata ito titigil hangga't ito'y… Ewan ko kung anong mangyayari dito, hanggang baka malagnat na lang 'to sa kanyang kasinungalingan.

Eh gusto ko lang po linawin na hindi totoo na hindi kayo naglabas ng waiver na itinago niyo ang laman ng pera niyo sa bangko sa BPI. Naglabas kayo ng waiver at lumalabas sa record ng bangko 16,000 lang ang pera niyo, humigit-kumulang, doon po sa panahon na nagbigay kayo ng waiver.

Iyon lang po, Ginoong Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Si Trillanes pareha ni Pacquiao 'yan. Ang... They want to, you know, hold power because they must have --- may nakita siguro silang magandang oportunidad nila para sa kanila.

Well, I leave Trillanes to you. Ikaw na ang bahala sa kanya kung anuhin mo 'yan. Eh daldal nang daldal 'yan eh hindi naman lumaban ng debate 'yan.

We will call Nograles --- Secretary Nograles, then we will cap the evening with a talk from Secretary Galvez. Secretary Nograles.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maraming salamat. Maraming salamat, Mr. President. Maayong gabii sa tanan sa mga kasamahan natin sa Gabinete; kay Senator Bong Go.

Mr. President, ire-report ko lang 'yong preparations na ginagawa natin para sa inyong State of the Nation Address. Bago pa man ang inyong State of the Nation Address ay pumunta na po tayo sa iba't ibang mga regions para sa ating pre-SONA, kung saan binabahagi natin sa ating mga kababayan sa bawat region ang mga accomplishments po ng inyong administration per region at kabahagi na rin po diyan 'yong pagtugon natin against COVID-19 at siyempre pa 'yong malawakang vaccination deployment natin.

So ang ire-report ko po sa inyo 'yong tatlong --- apat na regions na napuntahan po natin. So we've actually gone to 11 regions na po, Mr. President, at ito po'y ginagawa natin following minimum public health standards 'no, pero nandiyan po 'yong mga representatives from the academe, NGOs, civil society, the youth sector, at siyempre mga local chief executives at national government agencies.

Sinimulan po natin ito sa CARAGA Region noong April 15, so that's Region XIII doon po sa Butuan City. At bilang inyong Cabinet Officer for Regional Development and Security for CARAGA, or CORDS, following Executive Order No. 70, Mr. President, ibinahagi po natin doon iyong ating mga security and development initiatives.

At siyempre patuloy pa rin 'yong infrastructure development, mga bagong kalsada, multi-purpose buildings, water system, irrigation, flood control, information and communication utilities, at lalong-lalo na health centers are ongoing in Region XII, because the road to peace is the road itself.

May mga essential support din po for our farmers kasama 'yong farm inputs, farm equipment, trainings, assistance to farmers and providing them with adequate resources, knowledge and capability building. Kaya po, Mr. President, ay nagkaroon ng surrender --- successful surrender na 1,264 CTG combatants doon po sa Region XII at patuloy po 'yong mga local serbisyo caravans doon po sa region.

Iyan lang po muna, Mr. President. Sa susunod na report po natin next week, iyong ibang regions naman po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Nograles. Now finally, si ating --- to cap the program tonight is Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members; mga kababayan ko, magandang gabi po sa ating lahat. For this evening, we will give some significant updates on COVID-19 vaccination program.

[Please show my slide.]

Mr. President, we have some good news. After three days we have a ceremonial vaccination with Secretary Roque, we already breached the 11 million mark. As of this date, Mr. President, we already breached the 12 million mark. This is the first week that we have 2 million that we have reported for this --- for this week.

Para sa kaalaman po ng lahat, na 5,455,346 ang final tally po na na-administer natin last June. It po 'yong record po natin na sa isang buwan nakapag-ano po tayo ng 5.4 million. At ngayon umaarangkada na po tayo, mahigit isang milyon, limang araw pa lang po ng July, ay nagpapatunay ito na tumataas na rin ang kapasidad ng ating local government units at saka 'yong sa ating mga probinsiya.

Pero po dito sa item number three, kailangan nating paigtingin ang pagpaparami ng numero ng second dose para tuluyang maibigay ang proteksiyon sa ating pagbabakuna. Humihingi po kami ng pasensiya na hindi po natin mapigilan ang delay ng deliveries na nakapag-slow down sa ating rollout.

Normally po nade-delay iyong delivery natin sa first and last week of the month. I-explain ko po mamaya. We have recorded the highest output during the weekends ngayong linggo dahil sa pagtaas ng capacity ng ibang lugar at pagbibigay po natin ng supply sa ibang mga areas dito sa Visayas, Luzon at saka po sa Mindanao.

Nagpapasalamat po tayo sa COVAX, sa US government, and the government of Japan for the early delivery schedule of their supplies na puwede nating gamitin para sa vulnerable population. Ang US po magdo-donate po, through COVAX, ng Johnson and Johnson. More than 3 million po 'yon, kung tutuusin po natin, Mr. President, 6 million po ang magiging parang equivalent no'n dahil kasi single dose lang po siya.

We will also discuss our ongoing preparation on risk mitigation on Delta variant.

[Next slide, please.]

Ito po ang detalye ng ating pagbabakuna. Mayroon na po tayong nakatala na 17,455,470 doses na nandoon po sa ating imbentaryo, na-receive mula noong Pebrero. At 11,967,805 ang naiturok na po noong --- natin ng July 1; at mayroon po tayo na 9, 047,357 na katao at may 2,920,488 na katao na po na nakatanggap ng second dose.

We have already activated 4,324 vaccination sites. At makikita po natin na nagdagdag na rin po tayo ng ano po, ng EA1, ito po 'yong mga dependents po ng mga healthcare workers. At nakikita po natin na tumataas na po 'yong second dose natin, malapit na po tayong mag-breach ng 3 million.

[Next slide, please.]

Mr. President, ito po ang padating na mga bakuna. At ang magandang balita po, humigit-kumulang sa 16 million na vaccine ang darating ngayong July mula sa Sputnik, AstraZeneca, iyong Japanese donation po, iyong COVAX, iyong Moderna, iyong private sector procurement na AstraZeneca, 'yong Sinovac at saka po 'yong Pfizer.

Ang malaking inaasahan po natin ay ang pagdating ng US donation through COVAX na J&J na 3,024,000 na single shot na parang 6 million doses ang katumbas nito. Ito po ay ipapamahagi natin sa mga senior citizens at may mga comorbidities.

Ang gagawin po namin, nag-usap po kami ni Usec. Cabotaje na sa inyo pong direktiba na magkaroon po ng equitable distribution. Ito pong ano 'yong sa COVAX na J&J bibigyan po natin ang region na --- at least ang pinakamababa po is 100,000 doses per region para equitable po.

And then later on, 'yong remaining 1.2 million idi-distribute natin po based on the population at sa master listed na A2 at saka A3. Ang --- 'pag natanggap na po natin ang ano po, ang lahat po ng ano, mga deliveries natin sa July ay humigit-kumulang po ito na 16,205,240 doses. At pagka natanggap na po natin lahat ito, by the end of July ay mayroon na po tayong 33,660,710 doses.

[Next slide.]

At sa August ay humigit-kumulang po na 14 million din po ang darating or magiging 47 million lahat by the end of August. Ito po 'yong mga darating sa atin po kasama po 'yong Sinovac na magkakaroon po tayo ng 6 to 7 million; 'yong COVAX, another 4 million; 'yong Pfizer baka tataas po 'yan ng mga one or 2 million; and then 'yong AstraZeneca, 'yong second tranche po ng private sector-LGU procurement na 1.17; at ang Moderna, more or less mga 1 million to 2 million po.

[Next slide, please.]

Kaya lang po may mga tinatawag po tayo na mga lean weeks o 'yong tinatawag na medyo tagtuyot na ano po, na tinatawag natin na mga araw na napakahirap po ng supply during the first week and last week of the month.

Ang nangyayari po dito nagkakaroon po tayo ng tinatawag na lean ano --- lean days dahil kasi po during the first day of the day of the month, nagkakaroon po sila ng tinatawag na preparation for deployment. So nagde-deploy po sila sa mga second week pa po.

And then 'yong last ano, 'yong last week, nangyayari nagkakaroon po sila ng inventory at nagkakaroon ng redeployment 'yong mga manufacturers. So ang nangyayari, ang ating mga ano, mga vaccine dumadating po during the second week, third week or fourth week ng ano po, ng buwan.

[Next slide, please.]

Makikita po natin na pataas na po at doblado ang ating mga targets. We never thought na makakaya po natin ang 5 milyon para sa month po ng June. Bagkus, sumobra pa ito na nagkaroon po tayo ng --- sa June, kung makikita po natin, ang June po natin ay sa 5,455,346 po ang ating total.

At nakikita po natin na umaarangkada po tayo talaga dito sa --- sa data ng ano --- ng July na within ano, within ano --- within five days ay mayroon na po tayo na 1,264,101 doses. At nakikita po natin na 'yong record natin from March to ano, to July, nakikita natin na pataas nang pataas na dumodoble ang ating mga numero.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yong ano, based doon sa instruction niyo po na nakita po natin ito po 'yong mga doses na ibinibigay natin sa mga region. So kung makikita natin 'yong capacity po ng ano, ito tinitingnan natin, binabasehan po natin ngayon 'yong mga weekly capacity ng ating mga regions.

Nakikita po natin sa NCR, na ang NCR ang pinakamataas na nakakagawa sila ng 691,000 per ano, per week. And then 'yong IV-A, ngayon tumaas din po na 350,000 per week at Region III, at nakikita po natin ang Region X, CAR, Region V, Region IX, and Region VI, at saka Region VIII ay nabibigyan na rin po natin ng mga matataas na doses.

So ito po, gagawin po natin na talagang 'yong ano, 'yong ibang mga regions na nakikita natin nagkakaroon po ng surge, Mr. President, ay bibigyan po natin ng mga doses, lalo na po na ngayong July, 16 million na po ang darating.

[Next slide, please.]

So ito po ang ating --- sa atin pong pagsasaliksik na talagang nakikita po natin na puwede po nating sabihin na mako-control natin and mape-prevent ang virus-linked death through vaccination.

Sinasabi po ng Director ng US ng CDC na 99.5 percent people died from the past six months are those unvaccinated. So totoo po 'yong sinasabi nila Sec. Duque na less than one percent ang talagang namamatay pagka once na nakikita natin 'yong sinasabi po ni Sir Eric Domingo na less than one percent po ang namamatay doon po sa mga tinatawag nating mga vaccinated na fully doses.

So ang panawagan po natin sa ating mga kababayan: Magpabakuna po tayo at tapusin po natin ang second dose.

Iyan lang po, Mahal na President, ang aming report para sa inyo po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Salamat, Secretary Galvez. May babasahin lang ako para sa lahat.

Again, this is a warning and you know how it is, when you are caught, you are arrested, and you are detained, and you have to answer the charges in court.

The illegal sale of COVID-19 vaccines. It has come to my attention that a health worker was arrested by the NBI for alleged unauthorized or unlawful sale of Sinovac vaccines.

This comes after a report, a few weeks ago, about vaccination slots being peddled by some unscrupulous individuals in Mandaluyong City.

This is very alarming. We condemn these acts, and we will not allow perpetrators to go unpunished.

I order every relevant authority to investigate this matter thoroughly and press charges accordingly.

Again, let me reiterate to everyone: The COVID-19 vaccines given by the government are not for sale. They are given to our poor people for free. Not only to the poor but to the rich so they opt to have vaccinations in the vaccination centers.

Mag-warning lang ako sa mga… Huwag ninyong --- pilitin ninyo… Alam mo 'pag medisina maano ako, ma… I'm extra sensitive sa mga ganoon, lalo na na you deprive --- well, bilihin ninyo. Iyong walang pera, 'yong mahirap ang ma --- maalisan ng whatever the opportunity or for the slots taken away.

Huwag ninyong gawin 'yan kasi… Nagwa-warning lang ako, huwag ninyong gawin. Kagaya ng droga, huminto kayo. Sinabi na sa inyo eh. Do not wait for the day on its 25th hour, when the hand of the clock shall strike for the bells to toll to sound your kneel of grief. Usually, ang araw is 24. Do not wait for the 25th hour on that day, because it may be yours.

Huwag na huwag ninyo kasi extra sensitive ako diyan, lalo na --- lahat alam 'yan. Lalo na 'yong para sa mga tao sa lahat. Eh ilang porsyento lang dito ang mayaman, magsabi ka lang about four percent, three percent, six percent. Eh lahat 'yan puro mahirap.

Tayo, saan tayo magkuha? Wala man. Hindi ka makabili. You are not allowed to buy. You --- the government will take care of that. Maski kayong mga ano, mahirapan kayo. So do not press your luck too far. You might regret it. Warning ko lang sa inyo 'yan.

Maraming salamat sa inyong pakikinig sa programa at magandang gabi po sa inyong lahat. *[applause]*

--- END ---